THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

## Paglalantad kay Satanas
## (Pangalawang Bahagi sa 8)

Sis Techie Rodriquez, Elder- Founder
February 10, 2021

Nagpapatuloy tayo sa pagsisiyasat tungkol kay Satanas para magkaroon pa ng mas malalim na kaalaman at kung paano maiiwasan ang kanyang mga pamamaraan. Hindi tumitigil si Satanas sa pag atake sa atin sa iba't ibang direksyon, ngunit ang ating Diyos ay parang sundalong nakahandang humarap sa isang labanan (Efeso 6:10-17). Sa 2 Cor. 2:11, hindi tayo mapaglalangan ni Satanas kung hindi tayo mangmang sa Kanyang mga Salita, kaya't patuloy tayong makinig sa Diyos at maghanap ng kasagutan sa Kanyang Salita.

**1.Ilang katangian ni Satanas:**

- Si Satanas ay nilikha.
- Hindi siya makikita sa lahat ng dako.
- Nakapapasok siya minsan sa banal na lugar (Job 1: 6).
- Nakikita si Satanas sa maraming dimensiyon.
- Nakaka-impluensiya si Satanas ng tao.
- Tinutukso ni Satanas ang lahat (Gen. 3; Mt. 4).
- Para siyang magnanakaw sa gabi

**2. Ano ang mga pamamaraan ng dyablo? (karugtong ng unang bahagi)**

**2.1 Mga Pagsubok**

Pinapahintulutan ng Diyos na subukin ang Kanyang mga lingkod (Sirach 2). Bilang mga lingkod, manatiling matatag at mababa ang loob at isaalang-alang ang pagsubok na pinararaan sa apoy para malaman kung talagang dalisay (1Pt. 1:7).

**2.2 Pagdududa sa presensya ng demonyo**

Hinihikayat niya ang mga tao na hindi siya totoo, at siya'y imahinasyon lang. Ang di naniniwala kay Satanas, hindi rin naniniwala na may impyerno; gusto ni Satanas na magkasala ang tao na hindi nakararamdam ng pagsisisi (Mt. 5:22).

**2.3 Pagdududa sa pagkakaroon ng Diyos**

Ipinaliwanag sa Teorya ng Ebolusyon ang pinagmulan ng buhay, ngunit hindi isinama at itinanggi ang Diyos. Nakaakit ito sa isipan ng tao.

**2.4 Pagdududa sa awa at habag ng Diyos**

Inaakay ni Satanas ang tao sa pagkawala ng pag-asa, sa pamamagitan ng pagdududa sa walang hanggang awa at habag ng Diyos sa tao.

**2.5 Pagharang sa plano ng kaharian ng Diyos**

Hinahadlanagn ni Satanas ang pagpapalaganap ng Salita ng Diyos (1Tes. 2:18), ngunit hindi niya kayang pigilan ang misyon ng Diyos sa sangkatauhan (Gawa 8:1-3).

**2.6 Pagharang sa mga mananampalataya na magpatotoo**

Gagawin ang lahat ni Satanas para mapigilan niya ang pagpapahayag sa Mabuting Balita. Gagamitin niya ang pananakot, pag-uusig at panunuya, ngunit binigyan tayo ng kapangyarihan ng bumaba ang Espiritu Santo para tayo'y maging saksi. (Gawa 1:8).

**2.7 Panlilinlang**

Si Satanas ay ama ng kasinungalingan (Jn. 8:44).

**3.Konklusyon:**

Sa pangalawang bahagi ng 8 serye , ipinapakita ang iba't ibang pamamaraan ni Satanas laban sa atin, at hinihimok tayo ng Diyos na maging handa at gamitin ang baluti na bigay Niya (Efeso 6:10-17). Tayo'y hukbong naghahandang makipaglaban espirituwal sa pagitan ng kaharian ng Diyos at kaharian dito sa lupa. Ang Diyos ay nasa harap at gitna, at hindi Niya tayo pababayaan.

**Pagninilay:**

1. Ano-ano ang mga baluktot na katotohanang nalaman mo? Ang pagsunod ba sa mga katotohanan ay nagpapalapit sa iyo sa Diyos?
2. Paano ka naghahanda sa pakikipaglaban sa Diyos? Nagsanay ka bang magsuot ng helmet ng kaligtasan at gamitin ang tabak na kaloob ng Espiritu?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials

#labangespirituwal, #masama , #tukso